**LEARNING ACTIVITY SHEET**
**BAITANG 10 - FILIPINO**

Pangalan: ___________________________ Petsa: ________________ Marka/Iskor: _______________

# LAS # 2

## ANEKTODA AT TULA: MADALI LANG 'YAN!

**PANUTO:** Basahin at unawain ang bawat katanungan at bilugan ang letra ng tamang sagot.

> "Isang tsinelas ang nawala sa akin at walang silbi sa makakakita. Ang isang tsinelas na nasa akin ay wala ring silbi sa akin. Kung sino man ang makakuha ng pares ng tsinelas ay magagamit niya ito sa kaniyang paglakad"
>
> ***Hango sa napanood na anekdota sa youtube: Ang Tsinelas ni Jose Rizal***

1. Anong ideya ang mahihinuha mula sa pahayag ni Jose Rizal?
   A. Hindi na niya kailangan ang tsinelas
   B. Si Jose Rizal ay may kakayahang bumili ng bagong pares ng tsinelas.
   C. Inaalala niya na may ibang taong maaaring makapulot at gumamit.
   D. Hindi na niya kayang habulin pa ang isang pares na nahulog kung kaya't naisip niyang itapon nalang din ang kapareha nito.
2. Pillin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng kaugnayan sa ideya ng pahayag ni Jose Rizal.
   A. Hindi na niya kailangan ang tsinelas
   B. Si Jose Rizal ay mayaman at may kakayahang bumili ng bagong pares ng tsinelas.
   C. Inaalala niya na may ibang taong maaaring makapulot nito na maaaring gumamit.
   D. Hindi na niya kayang kunin ang isang tsinelas kaya't itapon na lamang ang kapareha nito.

> Maganda ang dagat at ang ilog sa aming bayan sa Laguna. Bughaw na may halong luntian kapag walang sigwa. Ang tubig sa wawa ay napapaligiran ng mga kawayang sumasayaw na tila umiindak kapag nahihipan ng hangin.
>
> ***Hango sa napanood na anekdota sa youtube: Ang Tsinelas ni Jose***

3. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng patunay na pagkakaiba ng paglalarawan ni Rizal sa kaniyang kapaligiran noon sa kasalukuyang kapaligiran?
   A. Pala asa ang mga tao.
   B. Walang pakialam ang tao sa kaniyang paligid.
   C. Umuunlad ang Teknolohiya at Ekonomiya ng bansa.
   D. Hindi nagiging responsable ang mga tao sa kaniyang kapaligiran.
4. Sa iyong palagay, ano ang pinakamabisang paraan upang matugunan ang suliraning pangkapaligiran?
   A. Huwag gumamit ng mga plastic bags.
   B. Itapon ang mga basura sa tamang tapunan.
   C. Isagawa ang 3R's (Reduce, Re-use at Recycle)
   D. Maglinis araw-araw upang mabawasan ang mga kalat at basura.

---

**Tiyak na Linggo: Ikalawang at Ikatlong Linggo**
**Target na Kasanayan**:
- Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota
- Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa youtube
- Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula

**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang naglalahad ng opinyon batay sa anekdotang iyong napanood?
   A. Inanod ang tsinelas ni Rizal.
   B. Magagalit ang kaniyang ina dahil nawala ang kaniyang tsinelas.
   C. Siguro ay nanghihinayang siya sa pagkawala ng kaniyang tsinelas.
   D. Dahil wala ng kapares ang kaniyang tsinelas kaya't naisip niyang itapon ang kapares nito.
6. Ang kasanayang komunikatibong gramatikal ay naglalayong mabigyang kakayahan ang nagsasalita ng epektibong pakikipagtalastasan gamit ang mga angkop na tuntuning panggramatika. Alin sa mga sumusunod na tuntunin ang hindi kabilang sa epektibong paggamit ng kasanayang gramatikal?
   A. Pagbaybay B. Pagbibigay Kahulugan C. Paglalarawan D. Tamang pagbigkas
7. Ito ay kasanayang komunikatibo na nagbibigay kakayahang magamit ang mga hindi berbal na hudyat tulad ng kumpas ng kamay, ekpresyon ng mukha, pagtango o pagturo gamit ang daliri o nguso.
   A. Diskorsal B. Gramatikal C. Sosyo- Lingguwistik D. Strategic
8. Sa paanong paraan ang mga salita, parirala at pangungusap ay mapagsasama-sama o mapag-uugnay-ugnay upang makabuo ng maayos na usapan, sanaysay, talumpati, artikulo at iba pa? Anong kasanayang komunikatibo ang sasagot sa tanong na ito?
   A. Diskorsal B. Gramatikal C. Sosyo- Lingguwistik D. Strategic
9. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang **HINDI** nagpapakita ng kasanayang komunikatibong gramatikal?
   A. Lagi itong naaalaala ng mga iranian na dating mga persiano noong sila ay mga bata pa.
   B. Libo-libong kuwento ng katatawanan ang naiambag ni mullah nassreddin sa kanilang lipunan.
   C. Tinagurian din siyang alamat ng sining sa pagkukuwento dahil sa mapagbiro at puno ng katatawanang estilo sa pagsulat.
   D. Si Mullah Nassreddin na kilala bilang Mullah Nassr-e Din ang pinakamahusay sa pagkukuwento ng katatawanan sa kanilang bansa.
10. Gamit ang mga salitang **Mullah Nassreddin, pinakamahusay, kilala, katatawanan, Persia at pagkukuwento** alin sa mga sumusunod na pahayag ang makapagbibigay ng epektibo at malinaw na mensahe kapag pingasama-sama ang mga salita na ginamitan ng kasanayang komunikatibong diskorsal?
    A. Katatawanan at pagkukuwento sa Persia kilala na pinakamahusay si Mullah Nassreddin.
    B. Pinakamahusay si Mullah Nassreddin sa Persia kilala sa katatawanan at pagkukuwento.
    C. Pinakamahusay Sa Persia si Mullah Nassreddin sa pagkukuwento ng katatawanan at kilala.
    D. Si Mullah Nassreddin ay kilala bilang pinakamahusay sa pagkukukwento ng katatawanan sa bansang Persia.



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

| |
|---|
| At ako'y tumuloy… pinto ng mabuksan,<br>Mata'y napapikit sa aking namasdan;<br>Apat na kandila ang nangagbabantay;<br>Sa paligid-ligid ng irog kong bangkay;<br>Mukha nakangiti at nang aking hagkan;<br>Para pang sinabi "Irog ko, paalam!"<br><br>- Ang Pagbabalik ni Jose Corazon de Jesus |

11. Alin sa mga sumusunod na taludtod ang naglalaman ng matalinhagang pahayag?
   A. Para pang sinabi "Irog ko, paalam!"   C. Apat na kandila ang nangababantay
   B. Mata'y napapikit sa aking namandan   D. At ako'y tumuloy… pinto ng mabuksan
12. *Apat na kandila ang nangagbabantay,* Ang sinisimbolo ng salitang kandila mula sa tula ay?
   A. Kalungkutan   B. Kamatayan   c. Liwanag   D. Pag-ibig
13. Paano binigyang kahulugan ang salitang *kandila* mula sa sipi ng tula?
   A. Nagtataglay ng Talinhaga   C. taglay ang literal na kahulugan
   B. Maraming taglay na kahulugan   D. Lahat ng nabanggit
14. Ang Ina sa tulang "Hele ng isang Ina sa Kaniyang Panganay" ay sumisimbolo bilang?
   A. Ang Ina ang nagsisilbi na ilaw ng ating tahanan.
   B. Takbuhan ng mga anak kapag sila ay may problema
   C. Ang ina ang nag-aaruga sa kaniyang mga anak dahil sa kaniyang pagmamahal ay gagawin maitaguyod lamang ang kaniyang mga anak.
   D. Mapagmalasakit sa mga anak

| Para sa bilang 15-16 | Para sa bilang 17-18 |
|---|---|
| Palay siyang matino,<br>Ngunit humangi'y yumuko<br>Ngunit muling tumayo<br>Nagkabunga ng ginto!<br><br>Palay, Tanaga ni Ildefenso Santos | Bakit kaya rito sa mundong ibabaw<br>Marami sa tao'y sa salapi-silaw?<br>Kaya kung isa kang kapus-kapalaran<br>Wala kang pag-asang umakyat sa lipunan<br><br>Panambitan ni Myrna Prado salin ni Ma. Lilia Realubit |

15. Ang salitang palay sa tula ay sumisimbolo sa _______?
   A. Butil ng kanin na pinaghirapang itanim at inani ng mga magsasaka.
   B. Taong dumaan sa pagsubok na nagsilbing susi sa kaniyang pagtatagumpay.
   C. Mga magsasakang nagtatrabaho upang matugunan ang pangangailangan.
   D. Pagtitiyaga at Paghihintay ng mga Magsasaka
16. "Nakabunga ng ginto!" ay nangangahulugang ________.
   A. kaginhawaan   B. tagumpay   C. paglago   D. kayamanan

**Tiyak na Linggo: Ikalawang at Ikatlong Linggo**
**Target na Kasanayan**:
- Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota
- Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa youtube
- Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula

**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

17. Tulad ng isang palay na kahit ano pang lakas ng hangin ang harapin ay patuloy na tatayo sa pagkakayuko, alin sa mga sumusunod na salita ang maaaring maging simbolo ng isang taong matatag na patuloy na babangon at tatayo kahit gaano pa kalakas at kahirap ang kinakaharap na problema?
    A. baging B. kawayan C. krus D. poste

18. Marami sa tao'y sa salapi-silaw?" Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?
    A. gahaman B. mahilig Magwaldas C. mukhang Pera D. materyoso

19. "kapus-kapalaran" ay nangangahulugang?
    A. dukha B. mahirap C. salat sa Buhay D. nakaririwasa

May tanging laruang isang bolang apoy,
Aywan ba kung sino ang dito'y nagpukol.
At sino rin kaya ang tagapagsindi
Ng parol na buwang pananglaw kung gabi?

Ang Tahanang Daigdig ni Ildefonso Santos

20. Ang mga sumusunod na pahayag ay tumutukoy sa paggamit ng matatalinghagang pahayag o pananalita MALIBAN sa ______.
    A. Ito ay nagtataglay ng malalim o hindi lantad na kahulugan.
    B. Sinasalamin nito ang kagandahan at pagkamalikhain ng anumang wika
    C. Binabago nito ang orihinal na kahulugan ng pangungusap na kinabibilangan.
    D. Hinahamon at pinalalawak nito ang kaalaman at bokabularyo ng mambabasa.

**Tiyak na Linggo: Ikalawang at Ikatlong Linggo**
**Target na Kasanayan**:
- Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orhinal na anekdota
- Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa youtube
- Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula

**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**